SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-21 NG ABRIL, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo

Kgg. Heidi S. Ciriaco................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... Kagawad

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 114-T'97

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. JOSE DE VENECIA, JR. SPEAKER OF THE HOUSE OF THE REPRESENTATIVES NG TULONG-PINANSYAL NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MLYONG PISO (P1.M) PARA SA PROYEKTONG PUHUNAN SA KAUNLARAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

SAPAGKA'T, patuloy na binibigynag-pansin at pinahahalagahan ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna ang proyektong Puhunan sa Kaunlaran upang agapayan ang mga maliliit na negosyante at mga kasapi ng kooperatiba sa pagpapahiram ng puhunan para sa pagtatayo ng mga proyektong pangkabuhayan;

SAPAGKA'T, sa dumaraming bilang ng mga negosyante at kooperatiba ay nangangailangan ng karagdagang pondo at suportang pang-pinansyal upang matugunan ang kanilang layunin tungo sa pag-angat ng antas ng kabuhayan sa bayang ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. kag. Louiec. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Miguel m. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: na mapitagang humihiling sa Kgg. Jose de Venecia, Jr., Speaker of the House of the Reprentatives, ng tulong-pinansyal na nagkakahalaga ng Isang Milyong piso (P1.M)para sa proyektong Puhunan sa Kaunlaran ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Jose de Venecia, Jr. Speaker of the House of the Representatives, Batasan Hills Quezon City, para sa kanilang kabatiran at mahalagang tulong at ang Kgg. Punong Bayan, para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan